

OPEN TO ALL CHURCHES



The Potter's House
Christian Center

CHILDREN'S CHURCH WORKERS' SEMINAR

**SAT
JULY
20**

10AM



More Info :

www.pottershousephils.com

#29 MAYON ST. BONI AVE. BGY.
MALAMIG, MANDALUYONG CITY
09175914340/ 86541782



The
Potter's House
Christian Center

CHILDREN'S CHURCH

PROGRAMME

1

PRAISE & WORSHIP

- 1 fast + 1 solemn song
- Junior song leader
- Junior musicians



2



OPENING PRAYER

- from Children's church

3




ANNOUNCEMENT & HOUSE RULES

- Youth disciple

4

TESTIMONY SERVICE

- If any from children's Church



GIVING



- Adult /youth disciple
- 5 mins
- With Bible verse

6



- Junior preacher (Adult or youth disciple)
- 10 mins preaching

SERMON

7

ALTAR CALL

- 5 mins altar call
- Prayer for the sick



CLOSING PRAYER

- from Children's church



PRACTICE FOR PRESENTATION

- Choir or Drama

8



PRAISE & WORSHIP

Sample Lyrics & Chords



HALINA'T SAMA-SAMA

G Bm C D
Halina't sama-sama purihin natin siya
G Bm C D
Halina't sama-sama awitan natin siya
C Bm Em
Ipalakpak ang iyong kamay
C Bm Em Am D
Itaas at ikaway lahat ay magsabing
G
Diyos ay buhay

KAY BUTI-BUTI MO PANGINOON

D F#m Bm
Kay buti-buti mo, Panginoon
G A
Sa lahat ng oras
G A
Sa bawat araw
D F#m Bm
Ika'y laging tapat kung magmahal
G
Ang iyong kaawa'y
A D A
Magpawalang-hanggan


[Chorus]

G A D
Pinupuri, sinasamba kita
G A Bm
Dakilang Diyos at Panginoon
G A
Tunay ngang ika'y walang katulad
F#m Bm
Tunay ngang ika'y di nagbabago
G A D A
Mabuting Diyos na sa aki'y nagmamahal

GIVING: JOHN 3:16

Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

- Bilang mga bata masarap sa feeling na malaman na mahal tayo ng ating mga mahal sa buhay, lalo na ang Panginoon.
 - o Dahil sa pagmamahal ng ating Panginoon, mayroon Siyang ibinigay para sa atin, at ito'y si Jesus.
- At nagpapakita ito ng example o halimbawa sa atin, na kung mahal rin natin ang Panginoon, ay kailangan din natin itong suklian ng pagbibigay.
- Dahil ang lahat ng mayroon tayo ay galing sa pagpapala ng Panginoon at dahil minamahal natin Siya, kailangan nating ibalik ito ng pagbibigay.



GIVING
Sample
sermon

o Halimbawa may P50 ka, iisipin mo una ay “Nais kong magbigay sa gawain ng Panginoon.” Dahil alam mong galing naman ito sa Panginoon (oo, bigay siguro ni mama o papa pero pinagpala sila kaya galing pa rin sa Panginoon), kaya magtatabi ka ng para sa Panginoon bago ka bumili ng mga pangkain, mga gusto mong bilhin. Basta ang mahalaga ay magtatabi ka para sa gawain ni Jesus.

o Kami, tinuruan kami sa pagbibigay. Unang-una, sa bawat sampu, ang isa ay sa Panginoon (tithes). Kaya kung may P50 ako at limang sampu iyon, ibig sabihin ay P5 ay para sa Panginoon. Kaya mayroon kaming nabibigay sa tuwing may pagbibigay katulad nito.

PREACHING: LUKE 2:52

At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao.

- Naisip niyo na ba ang tanong na ito – “Anong uri ng bata kaya si Hesus? Mabait ba? Makulit? Pasaway? Palakaibigan? Palaaway? -Marami sa atin ang magsasabi na mabait Siya.

i. Tamang Lugar (Si Hesus sa Templo)

- Kung maaalala niyo ang kuwento nung bumalik sina Joseph at Mary sa Nazareth, si Hesus ay nagpaiwan sa Jerusalem. Hinanap siya ng kaniyang mga magulang at siya ay natagpuan o nakita sa templo sa Jerusalem.

✓ Sa panahon natin ngayon, kapag ang bata ay hinahanap na ng magulang, saan nila madalas nahahanap ang bata? – ‘Diba minsan sa computer shop, sa labasan naglalaro, sa galaan, sa mga palaruan, o sa bahay ng kaibigan nanunuod ng T.V.

✓ Si Jesus ay hindi sa mga ganoon nahanap, kundi sa templo. Sa panahon natin ay church. Sa lugar na iyon ay makakapagpray, makakapagpuri sa Panginoon, makakapakinig ka ng salita ng Diyos.



Sample sermon

PREACHING

✓ Sa tuwing araw ng Linggo, saan mo mahahanap ang mga bata? -Sa court? Sa labasan naglalaro? Sa bahay tulog hanggang tanghali? Sa bahay nanunuod ng TV? O sa church o gawain ng Panginoon?

✓ Dapat ay gayahin natin si Jesus na gusto Niya nasa tahanan Siya ng Kaniyang Diyos Ama. Kapag may gawain ng Linggo ng umaga, Linggo ng gabi, o Wednesday ng gabi ay dapat pipiliin natin ang tamang lugar – sa church o gawain ng Panginoon.

ii. Tamang Pag-uugali (Si Hesus sa Kaniyang Paglaki)

▪ Luke 2:52 *“At lumalaki si Jesus... sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao.”*


✓ Naniniwala ako na si Hesus ay magalang, mabait, masunurin sa Kaniyang mga magulang at nag-aaral ng mabuti.

✓ Kaya totooong si Jesus ay ang ating example o halimbawa na dapat natin tularan o gayahin. Maging magalang, magsabi ng “po” at “opo”. Maging masunurin, kapag inutusan ay sumusunod at hindi nagdadabog. Ngayong malapit na ang pasukan, ay dapat mag-aral talaga ng mabuti at huwag maging tamad.



Sample sermon

PREACHING




✓ Kung gagayahin natin si Jesus, ang sab isa Bible ay magbibigay lugod o matutuwa sa atin... sino? Matutuwa ang Diyos at ang mga tao. Sino ba naman ang hindi matutuwa sa batang magalang, masunurin at mabait? Matutuwa ang mga magulang ninyo, hindi kayo palaging sakit ng ulo.

✓ Hindi lang iyon, kung kayo ay pumupunta sa church, nagpupuri, nagpi-pray, nakikinig sa salita ng Diyos at ginagawa ninyo ang natututunan ninyo sa church – natutuwa rin ang Panginoon sa inyo.

- Kaya si Jesus ang dapat gayahin natin. Alam ko na hindi tayo perpekto tulad ni Jesus, pero kung sisimulan natin gayahin si Jesus sa Kaniyang pagkabata, lalaki tayo na pinagpapala ng Diyos sa karunungan, sa pangangatawan at natutuwa sa atin ang Panginoon, at ang mga tao.

Altar Call



Prayer: Father God, tulungan mo kaming maging katulad ng aming Panginoong Hesus na gusto palagi sa tahanan mo, maging katulad ni Jesus na matalino, malakas, nakapagbibigay ng tuwa Sa'yo at sa mga tao. Huwag naming gayahin ang masama kundi ang halimbawa na iniwan mo sa amin ang siya naming susundan. Maraming salamat po, in Jesus' name, Amen!

ALTAR CALL



pottershousephils.com
phccchildrensministry07@gmail.com
The Potter's House Mandaluyong



